# Sa Pagtawid ng mga Iskolar ng Purok, Iskolar ng Bayan, sa Kaunlaran

“Ang mga bata ay may mga pangangailangan na mismong ang mga magulang ay nahihirapan na tugunan. Kaya ninais naming magkaroon ng isang programa upang matulungan sila sa kanilang gastusin sa paaralan,” bahagi ni Dr. Annie Michelle Laurzano, Punong Guro ng Iba High School na s’yang nagpasimula ng proyektong Kapurok ko, Iskolar ko.

Ang Kapurok ko, Iskolar ko ay naglalayong magbigay ng supporta sa mga mahuhusay at masisipag ngunit kapos sa pinansyal na supportang mga mag-aaral ng Iba High School, sa pamamagitan ng pag sagot sa kanilang taunang binabayarang voluntary contribution tulad ng boy scout, red cross fee, at Parents-Teachers Association (PTA) fee na minsa’y umaabot ng Php595.00, at pagbibigay ng Php100 stipend o panggastos sa kanilang iba pang pangagailangan sa paaralan.

Ang pondo para scholarship program na ito ay nanggagaling sa mga opisyal ng Barangay Iba. Sa pagsisimula ng programa, taong 2014, ay mayroon tig-iisang iskolars ang pitong (7) kagawad samantalang dalawa (2) naman kay Kapitan, na nangagaling mismo sa kanilang sariling bulsa. Nang sumunod na taon, 2016, ay nadoble ang iskolar ng bawat isang kagawad, at tatlo (3) naman kay Kapitan.

Ang mga iskolar ay pinipili sa pamamagitan ng delibirasyon sa pagitan ng Punong guro at advisers ng bawat klase, sa gabay na rin ng Memorandum of Agreement na pirmado ng Department of Education (DepEd) Regional Office. Ang mga napiling iskolar ay dapat mayroong average grade na hindi bababa sa 80% at ang bilang ng pagliban sa eskwelahan ay hindi bababa sa 15% ng kabuuang bilang nga school days sa buong taon.

Dahil na rin sa kagandahan ng programa, ito ay nanganak pa ng ilang mga programa tulad ng Support Project Diploma na naglalayon namang bigyang prayoridad ang mga estudyante nasa huling baytang na ng sekondarya at Kabayan Ko, Iskolar Ko na nagbibigay din tsansa sa mga estudyanteng hindi nakatira naman sa mga karatig na barangay ng Iba.

“Napakalaking tulong po nitong scholarship program sapagakat kadalasan po ng mga estudyante kadalasan tinatamad na pong pumasok kasi wala silang pamasahe at malayo ang kanilang bahay. Tulad po ako noon minsan hindi ako nakakapasok ng dalawang araw sa isang linggo,” kwento ni Midori Alfonso, benepisyaryo ng 4Ps at Kabayan Ko, Iskolar Ko, mula sa Barangay Sula.

Bilang karagdagang tugon sa kaso ng mga drop outs sa paaralan ay nagdagdag pa ng scholarship program ang paaralan na naglalayong magbigay ng libreng sakay sa jeep man o tricycle ng iba pang mapipiling estudyanteng ang bahay ay dalawa (2) hanggang tatlong (3) kilometro ang layo ng bahay sa paaralan, sa tulong na rin ng asosasyo ng jeepney at tricycle. Ang bawat iskolars ng Free Ride (Basta Iskolar Libre) ay may identification card o ID na kanilang ipapakita sa jeepney o tricycle drivers.

“Sa kasalukuyan, ang Iba TODA [Tricycle Driver Operators Association] ay mayroong 26 active drivers na nagsasakay ng isang iskolar sa bawat isang byahe, araw-araw,” bahagi ni Kgg. Kilson Capitolo, na s’ya ring president ng Iba TODA.

Ang bayan ng San Jose ay ang pinakamalaking munisipyo sa buong probinsya ng Tarlac, ito ay may napaka-liblib, ayon kay G. Elmer Q. Halili, ang Municipal Social Welfare and Development Officer (MSWDO) ng San Jose, Tarlac. “Kaya naman po napakalaking tulong po ng scholarship programs tulad ng libreng sakay sa jeep at motor para sa atin mga estudyante dito sa bayan ng San Jose dahil maraming barangay ang may kalayuan sa paaralan, mayroon ngang isang barangay na

kailangang tumawid ng 27 ilog para lang marating ang mga bata sa paaralan," dagdag pa niya.

Sa kasalukuyan, mayroon ng 31 iskolar ang Kapurok Ko, Iskolar ko, walo (8) rito ay benepisyaryo ng 4Ps, ayon na rin sa rekomendasyon ng Municipal Inter-Agency Committee (MIAC) ng San Jose, at mayroon namang 22 iskolar ng Free Ride. At, sa tulong na rin ng Continuous Improvement Team (CIT) na binubuo ng buong kaguruan ng Iba High School ay nakabuo rin ng ibang programa na tulad ng Malunggay Pulburon, isang Income Generating Project (IGP) na naglalayong matulong ang iba pang mag-aaral na magkaroon ng extra income sa pamamagitan ng paggawa ng masustansyang uri ng delicacy, at Eco Garden, na naglalayong magbigay ng pagkakataon para sa lahat ng estudyante upang magkaroon ng lugar na mapagtataniman at pagpapalakihan ng mga gulay na maaari nilang itinda o magsilbing ulam sa tahanan.

"Sabi ko nga sa mga kagawad at mga guro, sa isang batang mapapagraduate natin, buong pamilya, ang nagpapasalamat," pagtatapos ni Dr. Laurzano. ### (Andyleen C. Feje)